

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagkilala sa Pandiwa

Kahunan ang salitang kilos o pandiwa sa bawat pangungusap.

1. Si Miguel ay gumising nang maaga.
2. Kumakain ng almusal si Ate Martha.
3. Si Nanay ay nagtimpla ng kape.
4. Sina Ben at Betty ay nagbibihis sa kanilang kuwarto.
5. Nagsipilyo ng ngipin si Miguel sa banyo.
6. Si Tatay ay umiinom ng mainit na kape.
7. Pinakain ni Miguel ang mga manok sa bakuran.
8. Si Ate Martha ay nagpaplantsa ng damit niya.
9. Naghuhugas ng mga pinggan si Nanay.
10. Tumatahol ang aso ng kapitbahay.
11. Dumating ang *school bus* ng mga bata.
12. Sina Ben at Betty ay nagpaalam sa kanilang mga magulang.
13. Binigyan sila ni Nanay ng perang pambaon.
14. Hinatid ni Miguel ang mga bata sa *school bus*.
15. Ang mga bata ay kumakaway habang paalis ang bus.